




(imageless edition)

Ursula Nafula ✎
Jesse Pieteresen 🗣️
Arlene Avila 📧
Tagalog 🗣️
Level 2 📖



kausap ni Khalai ang halaman



Storybooks Canada

storybookscanada.ca

kausap ni Khalai ang halaman

Written by: Ursula Nafula

Illustrated by: Jesse Pieteresen

Translated by: Arlene Avila

This story originates from the African Storybook (africanstorybook.org) and is brought to you by Storybooks Canada in an effort to provide children's stories in Canada's many languages.




This work is licensed under a Creative Commons Attribution 4.0 International License. <https://creativecommons.org/licenses/by/4.0>



Ito si Khalai. Pitong taong gulang siya. Sa Lubukusu, “mabuti” ang kahulugan ng pangalan niya.

kinakausap ni Khalai ang puno ng
dalandan, "Dalandan, pasuyo
naman, sana magkaroon ka ng
marami at malalaking prutas."






Naglalakad si Khalai papunta sa iskul. Nadadaan niya ang damo, "Sana naman damo, lalo pang tumingkad ang berdeng kulay mo at 'wag na 'wag kang matutuyo."




"Hay naku, hilaw pa rin pala. Bukas uli ha, dalandan. Pagbibigyan kita at baka meron ng hinog, kahit isa!"

Napansin din ni Khalai ang mga
ligaw na bulaklak, "Tuloy niyo lang
ang pamulaklak, para meron akong
pampaganda ng buhok."




Pagkauwi, pinupuntahan agad ni
Khalai ang dalandan, "Hinog na ba
mga bunga?"





Kinakausap din ni Khalai ang puno sa gitna ng iskul, "Plis naman, malaking puno, palaguin mo pa mga sanga para sa lilim mo kami ay makapagbasa."



May nasasabi rin si Khalai sa mga halamang-bakod, "Magpakatibay kayo, pigilin ninyong makapasok ang masasamang tao."